# 多言語情報コーナー　　　　　　　　　　　（令和８年　２月号）

## 1. Tungkol sa Pagsusunog ng mga Damo sa Paligid ng Watarase Reservoir.

Sa Watarase Reservoir sa Fujioka Town ay isasagawa ang pagsusunog ng isang uri ng damo na kung tawagin sa ating wika ay “tambo” sa buong paligid nito na ang layunin ay upang mapangalagaan  ang kapaligiran na kung saan ang mga tambo ay tumutubo sa tabi ng katubigan. Makokontrol din ang pagsulpot ng mga peste at pag-iwas sa maaring aksidenteng sunog at iba pa. Ang tradisyunal na pagsasagawa nito ay upang matanggal na at sunugin ang mga lantang uri ng damong ito at hikayatin ang ang pag-usbong ng mga bagong halaman. Ngayong taon ito ay gaganapin sa Sabado, ika-7 ng Marso mula 8:30 ng umaga. Kung hindi man ito matutuloy dahil sa ulan o iba pang dahilan, ipagpapaliban sa ito ika-8,14 o 15 ng Marso.
Habang ito ay sinusunog ay magdidilim ang kalangitan at ang mga abo ay maaaring ibuga sa malalayong lugar depende sa direksyon ng hangin. Maaari ding mahulog ang abo at maipon sa mga hardin, bubong at balkonahe kaya't mangyaring makipagtulungan sa pamamagitan ng pagpapatuyo ng mga labada sa loob ng bahay at paglipat ng iyong mga sasakyan sa isang lugar na may bubong.

## 2. Paunawa mula sa Tochigi Tax Office: " Ang Lugar ng Paghahainan ng Incone Tax Returns."

Ang venue kung saan maghahain ng income tax returns para sa fiscal year 2025 (Reiwa 7) ay magbubukas mula ika-16 ng Pebrero hanggang ika-16 ng Marso. Ang lugar ay sa malaking hall ng Tochigi Chamber of Commerce and Industry sa Katayanagi-cho ng lungsod. Magbubukas ito mula alas 8:30 ng umaga hanggang alas 4:00 ng hapon. Magsisimula ang konsultasyon mula alas 9:00.

Upang makapasok sa venue ay ipamimigay ang mga entry stubs na may mga numero para makakuha ng reservation. Maari din gawin ang reservation sa official Line account ng National Tax Agency.

Kung may kakayahang gawin, mangyaring gamitin ang "e-Tax" upang ihain ang iyong tax return para sa fiscal year 2025 mula sa iyong tahanan gamit ang My Number Card sa pamamagitan ng internet. Sa paggamit ng "e-Tax," hindi na kailangang bumisita sa isang tax return filing venue o dalhin o ipadala ang mga dokumentong nauugnay sa iyong income tax return. Ito ay magagamit 24 na oras kabilang ang mga holidays at ito ay napaka-kombenyente dahil maaari kang mag-file online mula sa iyong sariling tahanan anumang oras.

## 3. Ang-Pag-iingat sa Nakakahawang Gastroenteritis Dulot ng Norovirus.

Ang gastroenteritis na dahilan ng pagkakalason sa pagkain na dulot ng norovirus ay partikular na laganap sa taglamig. Walang bakuna o partikular na epektibong gamot para sa norovirus. Pansamantalang mapapawi lamang ng paggamot ang mga sintomas kaya mahalagang gawin ang mga hakbang sa pag-iwas tulad ng paghuhugas ng kamay at pagdidisimpekta.

Ang mga pangunahing sintomas ng norovirus ay impeksyon　na kadalasang sanhi ng pagkain dahil sa pamamagitan ng mga kontaminadong kamay o pagkain ng nasabing virus. Ang mga sintomas tulad ng pagsusuka, pagtatae at lagnat ay lumalabas sa loob ng 1-2 araw. Kahit na hindi nagkaroon ng mga sintomas, kapag nahawahan na ay ilalabas ang norovirus sa dumi, kaya hindi namamalayan na mahahawaan ang ibang tao. Ang mga taong malulusog ay madalas na gumagaling dahil may mahinang mga sintomas ngunit ang mga bata at matatanda ay maaaring magkaroon ng malalang sintomas kaya dapat silang pag-ingatan.

Ang mga paraan upang maka-iwas sa impeksyon ay dapat gawin ang mga sumusunod:

1. Hugasan ang mga kamay nang madalas gamit ang sabon.
2. Pagkatapos hugasan ang mga kagamitan sa pagluluto, ibabad ang mga ito sa sodium hypochlorite solution o ang pantahanan na chlorine bleach na ihinahalo sa tubig nang hindi bababa sa limang minuto.
3. Lutuing mabuti ang oyster o talaba bago kainin.
4. Kung may mga sintomas tulad ng pagtatae o pagsusuka ay iwasan na ang pagtratrabaho lalo na kung may kinalaman sa direktang paghawak sa pagkain.
5. Linisin at disimpektahin ang mga palikuran na maaaring na pagmulan ng impeksyon at panatilihing malinis ito.